HUMANITIES DILIMAN (JULY-DECEMBER 2016) 13:2, 27-48

# Kuwentong Buhay ng Isang Pambansa-Demokratikong Rebolusyonaryong Bakla sa Rehiyon ng Katimugang Mindanao (A Life Story of a Gay National-Democratic Revolutionary in Southern Mindanao Region)

**Rowell D. Madula**
Pamantasang De La Salle, Manila

## ABSTRACT

In February 2005, the New People's Army facilitated its first gay (male to male) marriage in Compostela Valley. Guerillas Ka Jose and Ka Andres have sworn before the red flag to become partners as they wage a national-democratic revolution.

Members of the LGBT community have long been deprived of their right to marry persons they love. The stance of the Roman Catholic Church remains the biggest hurdle why same-sex marriage in the Philippines has yet to be allowed. Despite this, there are still some who are pushing for this.

The national-democratic revolution of the Communist Party of the Philippines-new People's Army-National Democratic Front of the Philippines (CPP-NPA-NDFP) is one of the most organized removolution in the history of the country. Aside from political and economic changes, the group is also pushing for a cultural revolution. This includes changes in the ideological perspective to and among members of the LGBT community.

This study attempts to analyze the life and experiences of gay members of the CPP-NPA-NDFP from the Southern Mindanao Region. Experiences from gender identification until the participation to the national-democratic revolution are part of the life story.

*Keywords:* Gay, National Democratic Front of the Philippines, New People's Army, Communist Party of the Philippines, life story

ISSN 1655-1532 Print / ISSN 2012-0788 Online

**PANIMULA**

Sa mahabang panahon, maraming bakla ang patuloy na nakararanas ng pagsasamantala at diskriminasyon. Sa isang malakolonyal at malapiyudal na sistema ng lipunan, ang anumang paglalantad ng bahid ng kabaklaan ay tinutugunan ng karahasan.

Ayon sa pag-aaral ng PROGAY, maraming bakla sa kanayunan ang napipilitang magpunta sa kalunsuran upang makapaghanapbuhay. Marami sa kanila ang namamasukan bilang mga *beautician, hairdresser,* tindera sa palengke, *salesclerk*, tagalinis o *food server* sa mga *fastfood* sa mga *shopping mall*, alalay at teknisyan sa *showbusiness*, *entertainer*, at manggagawa sa mga pabrika. Dahil sa matinding kahirapan sa bansa, may mga bakla ring napapasok sa mga mala-*lumpen* na hanapbuhay tulad ng prostitusyon, pambubugaw, o pagtutulak ng ipinagbabawal na gamot (Madula 29).

Gayumpaman, ang isang maganda at mataas na trabaho ay hindi nangangahulugan ng kapangyarihan para sa mga bakla. Maraming baklang manedyer, presidente ng kompanya, pulis, propesor, pari, at artista ang hindi makapagladlad ng kanilang tunay na sarili dahil maaaring ito ang magsilbing mitsa ng pagbagsak ng kanilang karera o pagkawala ng respeto at pagpapahalaga ng ibang tao sa kanila. Kahit pa maraming bakla ang siyang nagpapaaral ng kanilang kapatid o pamangkin, ang nag-aalaga sa tumatandang mga magulang, o nagbibigay ng regular na panggastos para sa pagkain, gamot, renta ng bahay, at bayad sa koryente't tubig, nananatili pa ring nasa laylayan ang maraming bakla maging sa kanilang pamilya.

Malinaw na ang ekonomiko at pampolitikang kalagayan ng bansa ay hindi lamang nagpapahirap sa bawat lalaki at babaeng Filipino, kundi sa lahat ng Filipino, anuman ang kaniyang kasarian. Nagiging biktima sila ng kahirapan, kawalan ng katarungan, at pagsasamantala sa ating lipunan. Sa mga kilos-protestang nasasaksihan sa iba't ibang panig ng bansa, marami sa mga lumalahok dito ay bakla. Malaki ang papel na ginagampanan ng mga bakla sa pagsusulong ng pagbabago sa ating lipunan, sa pagkakaroon ng tunay na kalayaan mula sa mapaniil na sistema at katangian ng lipunang Filipino.

Sa militar, isang malaking isyu ang pagkakaroon ng mga baklang pulis o sundalo. Karaniwang kinokondena ng matataas na opisyal ng militar, at maging ng mga simpleng sundalo at pulis ang pagkakaroon ng kasamahang bakla. Sa mahabang panahon, patuloy mang itinatanggi ng militar ang pagkakaroon ng mga baklang kasapi nito, maraming pagkakataong hindi ito maikukubli ng mga militar. Gayumpaman, nananatili ang paninindigan nitong ang pagiging sundalo at pulis, at ang paghawak ng armas ay para

lamang sa mga "tunay" na lalaki at maging sa ilang mga kababaihan. Ayon nga sa pahayag ng Outright Action International:

> "Ernesto Torres, spokesperson of the Armed Forces of the Philippines (AFP), recently invited gay men and lesbians to join the Philippine Military. Torres emphasized that giving equal opportunity to prospective soldiers proves the Philippines has zero tolerance for discrimination within the military ranks. While the development can be seen as a small triumph for gay men and lesbians in the Philippines, it falls short of full equality. Torres emphasized that all military personnel should adhere to the Military's Code of Ethics and observe proper decorum. According to these policies, openly gay men and lesbians and those who cross-dress can be dishonorably discharged. Once inside the military, gays and lesbians must therefore 'hide' their sexuality in order to remain there." (https://www.outrightinternational.org)

Ang New People's Army (NPA) ay ang hukbong sandatahang binuo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) o Communist Party of the Philippines (CPP) upang isulong ang armadong pakikibaka ng mga mamamayan para sa pambansa-demokratikong pagbabago sa lipunan. Ayon dito:

> "Membership is open to all persons aged 18 years old and above, physically and mentally fit, willing and ready to fight for freedom. The NPA's main task is to seize political powers from the hands of the corrupt ruling classes through people's war. Under the leadership of the CPP, it steadily breaks the economic and political power of the landlords and comprador bourgeoisie, in particular, and the reactionary state, in general, through waging the agrarian revolution, harnessing the revolutionary potential of the peasantry, and conducting tactical offensives. It assists the CPP and NDFP (National Democratic Front of the Philippines) in building the organs of political power of the masses, sowing the seeds of the revolutionary government (NDFP 6)."

Makikita rito ang malinaw na pamantayan na inihahapag ng CPP ukol sa mga taong nagnanais na maging NPA. Ayon sa pahayag na ito, pangunahing batayan sa pagiging kasapi ng Partido ang edad at ang pakikiayon sa mga layunin at tunguhin nito. Bukod dito, malinaw sa iba pang dokumento ng Partido ang pagbibigay ng pantay na karapatan sa mga miyembro ng CPP-NPA-NDFP anuman ang kanilang kasarian. Ngunit, tulad ng burges na paglalahad ng kasaysayan, iilang dokumento pa lamang ng Partido (ang

ilan ay sa pahayagan nila), ang tumatalakay ukol sa mga baklang miyembro nito. Sa ilang dekadang pagsusulong ng Partido para sa pambansa-demokratikong pagpapalaya sa lipunan, hindi malayong isipin na marami sa mga naging bahagi nito ay mga bakla.

Sa pag-aaral na ito, susubukang hanapin at unawain ang espasyong nalilikha at inaangkin ng mga bakla sa rebolusyong Filipino sa ilalim ng Communist Party of the Philippines (CPP). Ang matagalang digmaang bayan na isinusulong ng maraming lihim na organisasyon sa ilalim ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ay nagbubukas ng espasyo sa mga baklang nakikibahagi rito. Ilalahad ng papel na ito ang mga tiyak na karanasan ng isang baklang miyembro ng iba't ibang lihim na organisasyong ito sa pagganap nila sa gawain, relasyon sa mga kasáma, at sa isinasagawang pagpapalaya ng bayan, at karanasan sa sarili mula sa mga pagsasamantala, hindi lamang dahil sa kanilang kasarian, kundi maging sa kanilang ekonomiko at pampolitikang kalagayan, mula sa paglalahad ng kuwento ng kanilang buhay.

Mula rito, ang paghahanap na ito ng espasyo ng mga bakla sa rebolusyon ay paglalaan din ng espasyo ng mga bakla sa pagsasakasaysayan ng kultura, kaakuhan, kamalayan, at buhay sa lipunang Filipino.

## Ang Bakla sa/at Rebolusyon

Sinasabing ang rebolusyong isinusulong ng CPP sa kasalukuyang panahon ay ang pagpapatuloy ng rebolusyong sinimulan nina Andres Bonifacio at ng Katipunan. Naniniwala ito sa pagbabago sa mismong sistemang umiiral sa ating lipunan at hindi lamang pagbabagong iniluluwal ng mga parliyamentaryong pagkilos. Ang CPP bilang isang kilusan, sa mahabang panahon ay patuloy na nagbabago at umuunlad. Marami man ang bumbatikos sa kilusang ito, nagpapatuloy pa rin ito sa pagmumulat at pagpapakilos ng mga mamamayang Filipino.

Sa mga panayam na isinagawa kay Jose Maria Sison, ang tagapagtatag ng Kabataang Makabayan, at isa sa mga muling bumuhay at nagsulong ng mga pagwawasto sa Partido, nagbigay siya ng kaniyang mga pananaw ukol sa mga pagbabagong pinagdaanan ng Partido sa mga nakalipas na dekada. Sa librong *The Philippine Revolution: The Leader's View* kinapanayam ni Rainier Werning si Sison ukol sa ilang mga isyung bumabalot sa Partido. Tinalakay rin sa librong ito ang ukol sa mga "trend" at "prospect" na nakikita ni Sison ukol sa rebolusyong Filipino. Ayon kay Sison ukol sa usapin ng kultura: "All patriotic and progressive forces – be they classes, sectors, parties, groups, and individuals – must be united to achieve national liberation

and democracy against U.S. imperialism and the reactionary classes. In the united front, the basic rights and legitimate interests of all patriotic and progressive classes must be blended and harmonized. At the same time, these various forces must enjoy independence and initiative (170)."

Binibigyan ng pansin sa pahayag na ito ang pagkilala ng Partido sa iba't ibang uri at kulturang maaaring kinabibilangan ng mga mamamayan. Ibinubukas ng kilusan ang pag-unawa sa mga grupo ng mga taong hindi lamang pinaghihiwalay ng kanilang ekonomiko at pampolitikang kapangyarihan, kundi maging ng kanilang kultura kasama na ang usapin ng kasariang at seksuwalidad bilang bahagi nito.

Samantala, sa librong *Love, Sex, and the Filipino Communist or Hinggil sa Pagpipigil ng Panggigigil* ni Patricio Abinales, binatikos niya ang mga patakaran ng Partido ukol sa pakikipagrelasyon at pag-aasawa. Bilang isang dating kasapi, at ngayo'y kritiko ng Partido, makikita sa kaniyang pag-aaral ang pagkiling laban sa mga patakarang ito na maaaring tingnan bilang isang anyo na lamang ng paninira sa Partido. Binigyan niya ng pansin dito ang pag-enmiyenda ng dokumento ng Partido na "Hinggil sa Pag-aasawa/Gabay at Tuntunin sa Pag-aasawa sa Loob ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Lenninismo-Maoismo)" na aniya'y hindi talaga pagbibigay ng solusyon sa diskriminasyong nararanasan ng mga baklang kasapi ng Partido. Mas binigyan ng diin ni Abinales sa kaniyang pag-aaral ang pagtukoy sa seksuwal na pangangailangan at pang-aabuso ng mga kadre bilang isa sa mga pangunahing problema ng mga nasa loob ng Partido.

Sa kalagitnaan ng dekada '90, naging usapin na ang pagkilala sa karapatan ng mga bakla. Kasabay ng pagpapanibagong hubog nito, nagsimula nang maglinaw ang Partido tungkol sa iba't ibang aspekto ng Partido. Isa na rin ang usapin ng relasyon sa hanay ng mga kadre. Bagaman ipinatutupad na noon "On Relations Between Sexes" at may gabay nang tungkol sa mga relasyon, hindi naman ito mahigpit na naipapatupad. "In 1997, in the initial context of having more 'gender sensitivity' in framing sexual relations in the Party, the National Women's Bureau facilitated formal discussion surrounding the issue, providing kits with researched data and documents. Eventually, the discussion led to the topic of homosexuals in the movment. Questions on the scientific basis for homosexuality were raised: Were gays and lesbians even entitled to raise revolutionary families when they literally could not reproduce? Would not the proliferation of a 'gay culture' lead to decadence and moral degenaration among party cadres? Apart from these questions, there was a prevailing view that the proletarian was one who had firm principles matched with physical strength. Gays were seen to be weepy, emotional, weak and affectionate – characteristics seen to

be as the complete opposite of a true revolutionary cadre (Alburo 31)." Ipinaliwanag ni Alburo na sa kabila nito, iginiit pa rin ng mga kadre na hindi batayan ang pisikal na lakas upang maging isang kadre. Matagal nang tinatanggap ng Partido ang mga bakla sa kilusan. Kailanman ay hindi naging sagka ang kasarian at seksuwalidad.

### Pagdalumat ng Kasaysayan sa Kuwentong Buhay

Bilang isang pag-aaral na nagbibigay ng larawan sa espasyo ng mga bakla sa rebolusyon mula sa kanilang karanasan, ginamit ng mananaliksik ang pagdulog sa kuwentong buhay na sa kasalukuyan ay patuloy na pinauunlad sa larangan ng Sikolohiya. Ang metodong ito, ayon kay Clemen Aquino sa kaniyang artikulong "Pagbabahagi ng Kuwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin" ay lumago noong dekada '90. Sa konteksto, halimbawa, ng perspektibang feminista, "may pagpapahalagang maiaambag ang lapit ng kuwentong buhay tungo sa pagbibigay ng kaukulang puwang sa mga kababaihan at iba pang marhinalisadong sektor ng ating lipunan. Kabilang dito ang pagbibigay-pansin sa kanilang karanasan, tinig, at pananaw, ang paglalaan ng pagkakataon upang higit nilang maunawaan ang kanilang sarili sa konteksto ng kanilang mga relasyon at lipunang ginagalawan… At dahil sinasapol ng kuwentong buhay ang aktwal na karanasan ng isang indibidwal, inaasahang makapag-aambag rin ito sa pagpapaunlad at pagbubuo ng kaalamang panlipunan (38)."

Isa sa mga magiging batayan sa pagsasagawa ng metodong ito ay ang isinakatuparang pananaliksik ni Rosalinda Pineda Ofreneo tungkol sa mga kababaihang manggagawa sa bahay. Dahil sa ito ay may kinalaman sa kababaihan, naging maláy si Ofreneo sa pakikinig at pagsusuri sa tinig ng nagkukuwento, hindi lamang bilang manggagawa kundi bilang isang babae. "Ang kwentong buhay ay isang pasalaysay na teksto na ang layunin ay maitala ang kabuuang karanasan sa buhay ng nagsasalaysay mula sa simula hanggang sa mismong panahon ng pakikipanayam. Ito ay sumasaklaw hindi lamang sa kung kailan at kung bakit sila naganap, kundi pati na ang paghuhusga sa mga ito upang mabigyang-kahulugan at katwiran ang isang partikular na karanasan ng buhay (13)." Ang kaniyang isinagawang paraan ng paglalahad ng kuwentong buhay ng mga manggagawa sa bahay ang siyang naging batayan sa paglalahad na isinagawa rin ng mananaliksik.

Ayon naman kay Roberto Javier, Jr., sa kaniyang artikulong "Pangpamamaraang Kaangkinan ng Pakikipagkwentuhan," napakahalaga ng kwentuhan bilang "isang okasyon ng pagpapalitan ng kaalaman, kaisipan, iniisip, at indibidwal na karanasan (1)." Kaniyang tinalunton ang pag-unlad ng pakikipagkuwentuhan bilang isang metodo sa larangan

ng sikolohiya. "Ang katatagan at katapatan ng mga datos ay naitatakda naman ng lalim ng ugnayang napauunlad sa pagitan ng mananaliksik at mga kalahok sa pag-aaral. Kaya kung ang pakikipagkuwentuhan ay nahahagilap mula sa kultura ng kuwentuhan, ang pagsusuri sa proseso ng pagtutunguhan ang siyang maglalahad kung anong antas ng interaksiyon at uri ng relasyon ang magtitiyak sa mga kaangkinang pangmetodo nito."

Masasabing napakaangkop ng lapit na kuwentong buhay sa isasagawang pag-aaral ukol sa mga bakla sa rebolusyon. Ang mga kuwentong buhay ng mga baklang miyembro ng CPP-NPA-NDFP ay isang pagbibigay-puwang sa kanilang tinig, karanasan at pananaw bilang ambag sa pagbuo ng kaalamang panlipunan. Makatutulong ang lapit na ito upang makabuo ng isang malinaw na larawan ng kultura, pamumuhay, at kalagayan ng mga baklang nakikibahagi sa pakikibakang ito na siyang pagbabatayan sa pagsipat sa espasyong bakla sa rebolusyong Filipino. Bagaman ninais ng mananaliksik na pumasok sa isang sonang gerilya na kinikilusan ng mga baklang NPA, hindi na ito pinahintulutan ng mga panelist sa kaniyang depensa ng panukalang papel dahil sa isyu ng seguridad.

Maiuugnay din ang pangangalap ng kuwentong buhay sa talambuhay. Isa sa mga gawain ng kolektib, isang andergrawnd na yunit o isang grupo na nakapailalim sa isang lihim na organisasyon, ang pagbabahaginan ng talambuhay o ang talambuhay sharing (TB sharing) kung saan nagtatakda ang bawat kolektib ng panahon upang makapagbahagihan ang mga magkakakolektib ng kanilang pinagmulang pamilya, bakgrawnd ng pagkatao, mga kalakasan at kahinaan, at mga pangyayari na nagbunsod sa kaniyang pag-unlad bilang isang aktibista. Kapag ang isang nasa lihim na organisasyon ay nalilipat o nadedeploy sa ibang organisasyon para kumilos, isa sa mga hinihingi ng kaniyang bagong kolektib ay ang rekomendasyon mula sa pinanggalingang kolektib at pangalawa ay ang talambuhay ng kasama.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Ofreneo, ang mga nagbahagi ng kani-kanilang kuwentong buhay ay kaniyang pinagtagpo-tagpo para sa isang kolektibong pagsusuri ng kanilang mga kuwentong buhay, karanasan, at pananaw bilang mga babaeng manggagawa sa bahay. Dahil sa hindi rin gaanong magkakakilala ang sabjek ng kaniyang pag-aaral, nagkaroon muna ng bahagi sa programa ng pagkakakilanlan. Ang pagtitipon-tipon na ito ng mga sabjek ay "ang pinakabatayan ng pagiging mapanlahok, sapagkat sa sama-samang pagtanaw sa iba't ibang buhay ay lumilitaw ang mga pangkalahatang hugis na mapagpasiya, nagkakaroon ng nagkakaisang damdamin ang mga nagkukuwento, at lumilinaw ang landas na sabay-sabay nilang tatahakin sa kinabukasan tungo sa kanilang lubusang pagsasakapangyarihan (38)."

Ang kuwentong buhay ng sabjek ay titingnan bilang isang kinatawan ng karanasan ng mga bakla sa loob ng Partido, sa larangang parliyamentaryo at armado. Mula sa pakikipag-ugnayan sa mga nakasalamuhang baklang miyembro ng mga organisasyong andergrawnd mula sa naunang isinagawang pag-aaral ng mananaliksik, nagkaroon ng pagkakataon na makakuwentuhan si Ka KC sa Lungsod Davao. Sa loob ng halos tatlong araw na pagsama-sama sa mga gawain ni Ka KC at sa pakikipag-usap sa kaniya, nabuo ang isang kuwentong buhay na naglalayong maipakita ang isang kinatawang kuwento sa buhay at danas ng isang baklang miyembro ng andergrawnd na organisasyon.

## Ka KC: Ang *Beauty Queen* ng Bayan

Medyo malusog na ang pangangatawan ni Ka KC nang siya ay aking unang makilala, pero hindi maikakaila ang ganda ng kaniyang mukha. Ang kaniyang kayumangging kutis ang lalong nagpatingkad sa kaniyang tindig na tulad ng isang beauty queen. Ang kaniyang mahinahong tinig, kilos, at pananamit na pambabae na pinatingkad pa ng kaniyang pulang *shoulder bag* ay magtutulak sa isang tao upang bigyan siya ng pangalawang tingin. Mapapaisip ka talaga kung babae ba siya o lalaki. Gayumpaman, sa likod ng gandang ito ay ang napakayamang karanasan sa rebolusyon at pakikibaka.

"A man without a prayer is a man without a power. Good evening ladies and gentlemen. This beautiful creature in front of you is Miss Kristina Cassandra Cuneta Concepcion."

Nasa ikalawang taon pa lamang ako sa hay-iskul ay sumasali na ako sa mga *beauty pageant.* Una, sa purok lang namin, tapos, *next level* sa barangay, hanggang sa lumabas na talaga ako sa barangay namin.

Dumadayo ako sa iba't ibang lugar gaano man ito kalayo para sumali sa mga pageant. Nariyan ang Miss Gay Diwalwal, sa Mt. Diwata kung saan nanalo ako ng *second runner-up*, iyong sa Laak, at maging ang prestihiyosong "Binibining Maria Clara." Sumali rin ako sa Miss Gay Tropical sa Compostela Valley at mula sa iba't ibang lugar sa Mindanao ang mga kalaban ko.

Minsan nananalo, minsan natatalo ako. Pero kapag nanalo naman, parang malaking *achievement* para sa akin. Iyong pakiramdam na pagbaba mo pa lang sa sasakyan, ang mga kalaban mo'y nakatingin at ramdam mo na ang takot nila sa iyo. Madalas naman ay magkakakilala at nagiging magkakaibigan ang mga baklang sumasali sa mga pageant. Kapag nanalo ang isa, madalas ay nililibre niya ang mga talunag bakla.

Nagsimula akong sumali sa mga beauty pageant dahil sa udyok na rin ng ibang tao. May mga nagsasabing "Maganda ka, bagay kang sumali sa mga ganiyan." Dahil dito ay nagkaroon ako ng tiwala sa sarili, mayroon din naman akong talento sa pagsayaw kaya sumali na rin ako. Ang *stepmom* ko ang isa rin sa nagtulak sa akin na sumali sa mga pageant. Minsan, siya pa nga ang namimili ng isusuot ko. Buo rin ang suporta ng aking tatay na minsan ng nakapanood ng aking pagrampa.

## Isusumbong Kita sa Tatay Ko, at sa *Uncle* Ko

Noong mga bata kami ng aking kuya, palagi kaming nagsusuntukan. Hindi kami magkasundo. Sipsip daw ako, bakit daw laging ako ang pinapanigan ng tatay. Nagseselos siya. Inaaway niya rin ako, bakit daw ganito, nanlalaki. Pangalawa ako sa tatlong magkakapatid. Dalawa kaming lalaki, panganay ang kuya ko. Unang asawa ang nanay ko ng isang negosyante, pero naghiwalay sila noong walong taong gulang ako.

Dating *seaman* ang tatay ko. Mula siya sa pamilya ng mga petiburges at mulát sa kilusan. Nang maibenta ang barkong sinasakyan niya, naging *chief cook* siya sa isang restawran sa amin. Mga apat o limang taon siya doon bago maging *bodyguard* ng isang politiko sa aming kapitolyo sa Davao del Norte. Pero bago pa umakyat ng barko ang Tatay, nagpalit siya ng apelyido. Kailangan niyang gawin ito dahil ang kaniyang kapatid, ang uncle ko, ay isa sa mga sikát na kumander ng New People's Army (NPA) sa aming probinsiya.

Malapít sa isa't isa ang tatay at ang uncle kong kumander. Naiintindihan at sinusuportahan ng tatay ko ang ginagawa ni uncle. Minsan, kapag may malalaking pagkilos tulad ng *strike*, naaalala ko na sumasama si tatay, hindi man siya gaanong aktibo sa kilusan, maituturing na ring isa siya sa mga puwersa.

Isang traysikel lang ang layo ng erya ng uncle ko sa bahay namin. Minsan may mga bumibisita sa aming kasamahan ni uncle. Ipinapakilala naman sa amin ni tatay ang mga bisita pero pagkatapos ay pinapapasok niya na kami sa aming mga kuwarto, ayaw niya kasing sumasali kami sa kanilang mga usapan. Minsan naman ay kami ang bumibisita kay uncle. Hindi pa man namin lubos na nauunawaan, alam namin kung ano ang mga ipinaglalaban nina uncle batay na rin sa mga paliwanag ni tatay.

Naging malapit ako sa aking tatay. Nasasabi ko sa kaniya ang maraming bagay. Noong nasa ikalawang taon ako sa hay-iskul, nagkaroon ako ng problema sa aking pag-aaral. Nagtataka ako sa aking mababababang grado sa Araling Panlipunan. Sa aking pagtataka,

tinanong ko ang aming guro, "Ma'am, bakit ninyo po ako binagsak? Kompleto naman ako sa requirements, nagpa-participate naman ako, nagre-recite, tapos mataas naman ang mga nakukuha ko sa exam." Subalit mas lalo akong nagulat sa sagot ng aming guro, "Kaya ganiyan ang grado mo, kasi bakla ka."

Sinumbong ko ang aming matandang babaeng guro sa aking tatay. Kakilala kasi niya ito. Ang sabi ng tatay, "Sige hayaan mo na siya basta magpatuloy ka lang sa pag-aaral." Kinausap ng tatay ang aming guro. Bagaman marami akong naisusumbong kay tatay, hindi ko naman nasabi sa kaniyang pagkatapos ng insidenteng iyon ay nagpasiya akong huwag ng pumasok sa eskuwelahan. Tumatambay na lamang ako sa labas ng eskuwelahan kasama ng mga kaibigang bakla, pumupunta kami sa parlor ng matatandang bakla, ang mga "*mother*" namin. Dito ay natuto akong manggupit ng buhok, maglagay ng meyk-ap, at iba pa. Pero di kalaunan ay tinapos ko rin ang aking pag-aaral sa pamamagitan ng *acceleration*.

## Baklita, ang Batang Bakla

Malaki ang agwat ko sa aming bunsong kapatid na babae. Kaya't noong maliit pa ako'y ako ang ginagawang babae ng nanay at tatay ko. Dinadamitan ako ng dress, ng mga swimsuit, tapos, kapag gusto ko magpabili ng Barbie doll, ibinibili naman nila ako. Kapag Christmas party sa eskuwelahan at ang nabunot ko sa exchange gift ay laruang panlalaki, ibinibigay ko sa kuya ko, tapos binibilihan ako ng laruang pambabae. Ang mga kalaro ko rin ay puro babae, at ang mga laro namin ay larong pambabae tulad ng bahay-bahayan.

Kinder pa lang ay alam kong bakla na ako. Nasa elementarya ako nang magsimula akong magbawas o mag-ahit ng kilay sa tulong na rin ng pinsan kong bakla. Nakapantalon akong pumapasok, pero ang pantaas ko, ang polo ko, medyo fit na, na parang blouse. Tulad ng karanasan ng maraming batang bakla, dinanas ko rin ang panunukso sa mga kalaro. "Uy bakla ka, salot ka, salot!" Pero ayos lang sa akin, kinalaunan naman ay nasanay na ang mga tao sa mga tulad kong baklita. Ang mahalaga sa akin, tanggap ako ng aking tatay at nanay na kapuwa sa kani-kanilang mga kamag-anak ay mayroon talagang bakla.

Limang taon pa lang ako ay may crush na akong kapuwa lalaki. Tindero siya sa palengke, binata na siya noon. Sinasabihan ko ang nanay ko na "Ma, doon tayo dumaan sa tindahan" para lang makita ko ang tindero. Siyam na taon naman ako nang magkaroon talaga ako ng crush na kaedad ko. Kababata ko siya, kalaro. Iba ang

pakiramdam kapag nakikita ko siya, parang may *spark*. Siya ang lahat para sa akin. Kapag hindi ko siya nakita, parang kulang ang araw ko. Hanggang sa sinabi ko sa kaniyang nagugustuhan ko siya, at ang tanging sagot niya sa akin ay "Ngi! Akala ko lalaki ka."

Masasabi kong kami ng mga barkada ko ang *pioneer* sa mga bakla sa aming komunidad na may mga Kristiyano at Muslim. Lagi kaming magkakasama, kapag nagka-cutting classes para magliwaliw sa labas ng eskuwelahan at para na rin rumampa. Tumatambay kami sa parke, at kapag may dumaang lalaki, "Aaay!" nagtitilian kami. Nasa unang taon ako sa hay-iskul nang magkaroon ako ng karelasyon, ang aking isang linggong pag-ibig. Nagkakilala kami sa isang *videoke bar*, nasa iisang komunidad lang kami. Nagkuwentuhan lang kami at hindi ko alam kung paano talaga naging kami. Pagkatapos noon ay nagkikita na kami sa kanto, kuwentuhan lang. Hanggang halikan lang ang inabot namin bilang magkarelasyon. Naghiwalay din kami dahil nalaman ng nanay niyang magkarelasyon kami.

Dahil dito, naghanap ako ng mapagbabalingan ng atensiyon. Natuto akong makipag-chat. Yahoo Messenger pa ang gamit ko. Hanggang sa makilala ko ang isang Mangyan, bakla rin siya. Nagkita kami sa isang beauty pageant kung saan sumali ang kaibigian ko. Isa siya sa mga nag-organisa ng nasabing pageant. Ipinakilala siya ng kaibigan kong bading. Napakabilis ng mga pangyayari dahil ng gabing iyon ay hinahawakan na niya ang kamay ko.

Nang sumunod na araw, may iniabot na sulat ang kapitbahay ko, galing raw kay Jayson na kaklase niya na nakilala ko raw noong isang gabi. Ang sabi niya sa sulat ay na-*love-at-first sight* siya sa akin. Tinanong niya kung pwede raw ba niya akong masundo. Dahil sa padalagang Filipina ako, sabi ko ay hindi. Pero noong sumunod na araw, nagulat ako sa paglabas ko ng *gate* ng aming paaralan, naroon siya. Kinuha niya ang bag at mga dala-dala ko. "Uy, ako na magbitbit, nakakahiya naman!" Pero nagpumilit siya at wala naman daw problema. Naglakad kami hanggang sa palengke, sa sakayan papunta sa bahay namin. Ihahatid niya raw ako hanggang sa bahay.

Tinanong niya ako tungkol sa sulat na ipinadala niya, tungkol sa sinabi niyang may gusto siya sa akin, kung okay lang daw ba na maging kami. Sabi ko, "Oo." Pagdating sa bahay, ipinakilala ko siyang kaklase ko. Pero nang mga sumunod na araw na dumadalaw siya, tinanong na ako ng stepmom ko kung ano raw ba ang relasyon namin. Napansin nila na nagsisilbi na siya sa bahay, tumutulong sa pag-igib at sa iba pang gawaing bahay. *Boyfriend* ko raw ba siya, ang tanong ng aking stepmom. Hindi ko na naitanggi ang relasyon, at nasabi ko na lang sa kaniya na "Huwag sasabihin kay Papa, ha?"

Pero dahil sa walang lihim na hindi nabubunyag, natuklasan rin ni Papa ang aming relasyon. Nag-date kami ni Jayson. Umuwi ako ng bahay pagkatapos ng klase para magpalit ng damit. Ang paalam ko sa aking stepmom ay magprapraktis lamang kami ng volleyball sa eskuwelahan. Nagpunta kami ni Jayson sa parke. Kumain at nagkuwentuhan. Nakita ko si tatay sa parke, nagsasarbey, mukhang hinahanap ako. Hindi kami nagpakita. Pagkauwi ng bahay, tinanong ako kung saan ako galing. Sinabi kong sa eskuwelahan para magpraktis ng volleyball. Pinagalitan ako ng tatay, nagpunta pala siya sa eskuwelahan at wala siyang nakitang mga tao. Pinalo ako ni tatay, hindi dahil sa nalaman niyang nakipag-*date* ako, kundi dahil sa hindi ako nagpaalam. Uso pa naman sa panahon na iyon ang mga dinudukot, nag-aalala lang siya sa akin. "Okay naman ang makipag-boyfriend ka basta magpapaalam nang maayos kung saan pupunta, at kung anong oras uuwi."

Kung isang linggo nagtagal ang aking unang relasyon, umabot naman kami ng dalawang buwan ni Jayson. Nakitulog kami noon sa bahay ng *bestfriend* ko na bakla rin at may karelasyon din na bakla ring tulad ko na nagdadamit-babae. Ang bestfriend ko ay medyo mukha pang lalaki. Magkakatabi kaming apat na natulog. Pero pagdilat ko, parang nakita ko ang boyfriend ko at ang boyfriend ng bestfriend ko na naghahalikan. Dali-dali akong umuwi ng bahay. Kinaumagahan, pumunta silang dalawa sa bahay namin. Nakaupo lang sila sa sala. Ako naman ay abala sa pagbibihis ng uniporme. Sabi ng stepmom ko, nakita niya akong palabas ng bahay para pumasok sa eskuwelahan nang hindi pinapansin ang dalawa kong bisita ,"Uy ano ka ba, bakit hindi mo pinapansin ang dalawa, iiwan mo nang ganiyan?" "Bahala sila sa buhay nila," ang sabi ko.

Kinalaunan ay pinagbigyan ko ang boyfriend ko na makipag-usap sa akin, pero hindi ko na siya binigyan ng isa pang pagkakataon. Lumuhod siya sa harapan ko, sa harap ng aming mga kapitbahay, umiyak siya ng umiyak. Ako na nga ang nahihiya sa ginagawa niya. Nakipaghiwalay ako sa kaniya, pero kinalaunan ay napagtanto kong mahal ko pa pala siya. Pinilit kong maghanap ng iba, pero parang ayaw ng mga lalaki sa akin noon. Pakiramdam ko ay iyon na ang aking karma.

## Tamis ng Unang Halik, Pait ng Unang Pag-ibig

Hay-iskul na ako nang pumasok sa isang romantikong relasyon. Sa aking isang linggong pag-ibig, tanging paghahalikan lamang ang aming ginawa. Samantala, sa aking dalawang buwang relasyon, tanging mga bibig at palad lamang ang aming ginamit. Hindi dahil sa ayaw ko, kundi dahil sa takót ako sa mga bali-balita tungkol sa

mga sakit na maaaring makuha mula sa pakikipagtalik. Paano kung nakipagtalik o nakikipagtalik din sila sa iba na may sakit?

Ngunit hindi ibig sabihin nito ay wala pa akong karanasan. Si Robert ay anak ng aking ninang, siya ay aking kinakapatid. Limang taon ako, samantalang siya ay labinlima. Palagi akong tumatambay sa bahay nila dahil para na rin akong anak ng ninang ko. Doon na rin ako halos lumaki, halos araw-araw ay dumaraan o tumatambay ako sa bahay nila. Hanggang sa isang araw, naglalaro lang kami ng nanay at tatay, at may nangyari na lang bigla sa amin. At nasundan pa ang mga pangyayaring ito nang maraming beses.

Minsan sa labas ng bahay, pero madalas ay sa kanilang bahay. Mga dalawang beses sa isang linggo ang aming pagtatalik. Kapag pumupunta ako sa kanila, kapag sinabi niyang "Halika, matulog na tayo" o di kaya'y "Halika, doon tayo sa kuwarto ko," alam ko nang may mangyayari sa aming dalawa. Sa kaniya ko naranasan ang lahat ng maaaring maranasan ng isang bakla, pati ang karanasan ng unang pag-ibig.

Naging *sweet* na kami sa isa't isa sa loob at labas man ng kanilang bahay. Bagaman para sa ninang ko, ang *sweetness* namin ay tulad lang ng sa magkapatid. Kapag nasa labas pa ako kapag gabi na, pinapauwi niya ako, parang nagseselos. Wala naman siyang pagtutol sa pagkakaroon ko ng karelasyon noong hay-iskul, tinatanong niya lang ako kung ginagawa ba namin ng mga karelasyon ang ginagawa naming dalawa. Bagaman may kaunting pagseselos, hinayaan niya lang ako, dahil alam niya naman talaga na siya ang gusto ko.

Bagaman ayaw niyang sabihin ko sa ibang tao ang anumang namamagitan sa amin at ginagawa naming dalawa, hindi ko napigilang ikuwento ito sa aking mga kaibigan. "Buti ka pa" lang ang nasasabi nila, may inggit silang nararamdaman sa akin. Kaya kapag magkakasama kami at dumaraan si Robert, pasimple nilang akong tinutukso na lihim ko naming ikinatutuwa.

Labintatlong taong gulang ako nang kinausap ako ni Robert. "Hindi na natin magagawa ang nakasanayan nating ginagawang dalawa. Mag-aasawa na ako. Magbubuo na ako ng aking pamilya." Umiyak ako. At sa huling pagkakataon ay nagtalik kami. Inimbitahan niya akong dumalo sa kaniyang kasal, pero hindi ako nagpunta. Ayokong masaksihan ang pakikipag-isang dibdib ni Robert at ang pagwawakas ng mahigit walong taon naming relasyon. Ngunit sa pagsali ko sa isang *psycho-social data banking* pagtanda ko, saka ko lamang mapagtatanto na limang taon pa lang pala ako, ay naabuso na ako. Hindi ito pagmamahal, isa itong pang-aabuso.

## Simula ng Sigwa

Kakaiba ang araw na iyon. Tuwing aalis ng bahay ang tatay, hindi niya iniiwan ang kaniyang cellphone. Kapag aalis siya ng bahay, lagi niyang suot ang kaniyang mga burloloy sa katawan, ang *bracelet*, ang malaki niyang singsing. Laging nakaporma ang tatay. Pero nang araw na iyon, nakatsinelas lang siya na *leather*, nakapantalon, at *t-shirt*. Umaga pa lang ay iba na ang pakiramdam ko. Kapag gumigising kasi kami nang tanghali na, nagagalit iyon. Pero nang umagang iyon, parang iba, hindi siya nagalit. Ang sabi lang niya, "O, sige, kumain ka na diyan. Pagkatapos mong kumain, ipag-igib mo ako ng tubig dahil may lakad ako sa Capitol. Kukunin namin iyong isinauli naming bigas kasama ang mga MIG."

Alas-8 kinagabihan, nakatanggap kami ng tawag mula sa kaniyang cellphone. "Emergency, iyong tatay ninyo, nadesgrasya," ang sabi ng nasa kabilang linya. Akala namin noong una, nadesgrasya sa sasakyan, kritikal daw ang lagay. Nag-iyakan na kami. Naalala ko ang mga huling pag-uusap naming ni tatay, "Huwag mong pababayaan ang mga kapatid mo. Lalo na ang tita mo kasi buntis 'yun."

Kumuha kami ng sasakyan para puntahan ng tita at kapatid ko ang tatay. Nasa ospital na sila nang nagulat ang tita ko dahil ayaw siyang pababain ng sasakyan. Iyon pala ang tatay ko ay nasa morge na. Patay na ang tatay. Ayaw pa noong unang sabihin ng mga kasamahang bodyguard ng tatay ang dahilan ng kaniyang pagkamatay. Hanggang sa malaman namin, tama ng baril.

Isang taon na ang nakararaan, kaarawan ng tatay ko nang may matanggap kaming balita. Kasama raw ang tatay sa listahan ng *Order of Battle (OB)* ng mga militar dahil na rin sa kaugnayan niya sa aking tito na kumander ng NPA. Ang sabi ng aming purok *chairman*, mas makabubuti umanong pumunta ang tatay sa kampo para linisin ang kaniyang pangalan. Kami naman ay nagpunta ng Davao City para ipagdiwang ang kaniyang kaarawan kasama ng aming lola.

Nagkaroon ng kasunduan ang tatay at ang mga militar, para umano malinis ang kaniyang pangalan, kinakailangan niyang maging miyembro ng Military Intelligence Group (MIG), kailangan niyang maging *asset*. Pumayag naman ang tatay, may pahintulot naman ang aking uncle mula sa taas. Alam naman nilang wala siyang sasabihin na kahit ano sa mga militar. Mula sa kampo ay pumunta na ang tatay para makasama kami sa kaniyang kaarawan. Hanggang sa ilang araw matapos ang kaniyang sumunod na kaarawan, pinaslang na nga ang tatay, mula sa listahan ng OB, napasama ang tatay sa mahabang listahan ng mga *extra-judicial killing* sa bansa.

Ang pagkamatay ng tatay ay naging simula, hindi lamang ng aming pagluluksa, kundi ng aming pakikibaka. Sa simula ay dehado talaga kami. Hindi kami lumalabas ng bahay. Kapag kailangan naming lumabas, dapat may kasama, may parang ka-*buddy*. May mga sumusunod kasi sa amin. Takot talaga kami. Ang uncle ko naman ay galit. Ang kapatid ko, napilitang mamundok, wala siyang *choice*. Kasama kasi ang pangalan niya sa listahan ng Order of Battle. Kaming lahat halos, naroon ang pangalan.

Hindi na kami nagsampa ng kaso. May mga kumakausap sa amin, lalo na galing sa *media*, pero hindi na kami nagpainterbyu. Hindi kami umimik. Mahirap kasi, hindi namin alam kung saan magsisimula. Apat ang anak ng tatay ko sa pangalawa niyang asawa. Parang napunta talaga sa akin ang lahat ng responsabilidad sa mga kapatid ko. Wala pa naman akong trabaho noon. Suma-*sideline* lang ako sa parlor.

Napagdesisyunan na namin umalis sa aming lugar. Lumipat kami ng General Santos. Pinagkakasiya namin ang natatanggap na sustento ng kuya ko galing sa taas. Noong una ay ang tita at mga pamangkin ko lang, naiwan ako sa bahay namin. Pero nakaranas ako ng serye ng *harassment*. Sinasabayan ako ng lalaki tuwing umuuwi ako nang hating-gabi, tuwing gumagala ako. Traysikel ang pangunahing transportasyon sa amin, pero kapag gabi na, iyong *single* na motor na lang, iyong habal-habal. Iyon ang sinasakyan papasók sa amin.  Napapansin ko na kapag sumasakay ako, pakiramdam ko'y laging may sumusunod na lalaki.

Minsan pa nga, sa mismong habal-habal ko pa sumasakay. Tulad na lamang noong may isang gabi na sumakay siya, nasa likuran ako ng drayber, at nasa likuran ko naman siya. Tapos kinakausap ako ng lalaki, ang sabi niya, "Gusto kita. Gusto mo *one night stand*?" Hinahalikan na niya ako sa likuran ng tenga ko. Ang sabi niya magkapitbahay raw kami dati. Pero sa isip ko, kung naging kapitbahay ko siya, dapat man lang ay kilala ko siya. Halos lahat naman sa amin ay magkakakilala.

Nang makababa na ako at binabayaran ang drayber, bumaba na rin siya at pinipilit na siya na ang magbabayad ng pamasahe ko. Wala na akong nagawa, naglakad ako, pero napansin kong sumusunod pa rin siya. Tumakbo na ako papasók sa loob ng eskinita. Pero nakasunod pa rin siya. Naisip ko na kailangan kong bilisan, baka matagalan pa ang pagbubukas ko ng pinto dahil nasa bulsa ko ang susi ng bahay. Hanggang sa iniligaw ko na siya sa eskinita at hindi na niya ako nakita. Naisip ko na kung kapitbahay ko siya, dapat alam niya ang pasikot-sikot ng eskinita, ang mga paliko. Hindi na siya nakaabot sa bahay namin.

Nagpaiwan pa rin ako sa bahay namin, hindi pa rin ako sumunod sa tita ko sa GenSan, hanggang sa dumating ang huling insidente ng harassment. Galing kami sa beauty

pageant, tumulong ako sa kaibigan ko na nakikitira sa amin at kasa-kasama ko. Pagkababa namin sa motor, kinausap pa ng kaibigan ko ang drayber, hiningi pa niya ang numero nito. At habang nagkukuwentuhan sila, napansin ko ang parating na naka-single na motor. Naka-*all black* siya, nakahelmet, tapos, sa loob ng helmet ay nakita ko na nakasuot siya ng *bonnet* na mata at bibig lang ang nakikita, iyong klase ng bonnet na karaniwang ginagamit ng mga holdaper. Nagtaka na ako.

Nang makalagpas ang motor sa amin, nag-*u turn* siya pabalik. Tapos ay huminto siya sa tapat namin, sa may *waiting shed*. Sinabihan ko ang kaibigan ko na kapag ang lalaking nakamotor ay sumunod pa rin sa amin, huwag siyang bibitaw sa kamay ko, kasi tatakbo na kami, walang maiiwan, wala kaming iiwan, lalo na at may mga dala kaming *costume* na ginamit sa pageant. Noong papasók na kami sa looban, nag-*on* ang motor, at nagsimula na siyang umandar, at dahil dito, nagsimula na rin kaming tumakbo at nagsisisigaw. Buti na lang nang mga oras na iyon ay gising na ang mga magsasaka sa *banana plantation* sa lugar namin. Sila na ang nagtiyak na hindi na kami nasundan ng nakamotor, alam naman kasi nila ang dahilan kung bakit ako hinahabol ng mga di-kilalang lalaki.

**Simula ng Pakikibaka**

Pagkatapos ng huling insdente ng pagsunod-sunod sa akin, kinabukasan ay sinundo ako ng tita ko at inuwi na ako sa GenSan. Nag-aral ako ng isang semestre sa kolehiyo sa GenSan. Na-*accelerate* ako mula hay-iskul kaya ako nakapagkolehiyo. Pero ilang buwan lamang ang nakalilipas, nakakakita na naman kami ng mga kahina-hinalang mga lalaki sa tapat ng bahay namin. Tumitingin lang sa bahay namin, tapos, panay ang *text*, *intel* talaga. Pakiramdam namin ay napakainit ng mga mata sa amin ng mga militar.

Hunyo namatay ang tatay, at wala pang isang taon, buwan ng Marso naman ng mamatay ang pinsan ko, ang anak ni Kumander. Tumayo bilang saksi ang tita ko. Ito ang panahon na nagkaroon ng *committee hearing* sa Commission on Human Rights. Siya ang magpapatunay na may kaugnayan ang pagkamatay ng tatay sa pagkamatay ng anak ni Kumander, na bahagi ito ng mga isinasagawang extra-judicial killing, na gawa ito ng mga militar, ng MIG. Bagaman hindi na kami nagsampa ng kaso sa pagkamatay ni tatay, alam naming MIG ang may kagagawan ng kaniyang pagkamatay. Ayon kasi sa ilang mga nakasaksi, tumutugma ang mga suspek sa kaniyang pagkamatay sa suot at motor na gamit ng mga taong sumundo kay tatay sa bahay nang araw na siya ay paslangin.

Tinulungan kami ng isang *human rights group*, kinuha kami mula sa GenSan at inilagak sa isang *sanctuary* sa Davao. Mga tatlong buwan kami doon. Nakakabagot. Pakiramdam ko ay napakaabnormal ng buhay namin, na hindi naman ganito ang buhay namin noon. Hindi talaga kami lumalabas ng sanctuary, hanggang sa *playground* lang. Hindi kami puwedeng lumagpas sa gate. Pagkatapos nito'y inilipat na kami, maliban sa bunso kong kapatid, sa isang bahay, kasama ang ilang aktibista.

Sa bahay na ito nakilala ko ang mga aktibista, pati na ang baklang aktibistang si Mariah. Nagpupunta sila doon para magpulong. Tapos ay pinapasama rin kami sa mga pag-aaral, mula sa Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP) hanggang sa mga isyung panlipunan. Nang lumaon, pinapasama na rin nila kami sa mga *rally*. Hindi ko talaga inaasahan na ganito ang gagawin ko sa buhay ko. Naaalala ko tuloy ang tita ko. Ipinaparinig niya sa akin ang mga kanta ng mga aktibista. Ang una ko talagang narinig at na-*memorize* ay iyong kantang "Anak ng Bayan," tapos sabi niya, sana maging anak ng bayan din ako pagdating ng panahon. Sabi ko naman, okay lang din sa akin. Kaya, ganito na nga ako, isa nang aktibista.

Panahon iyon ng eleksiyon nang maorganisa ako. Sumasama ako sa mga gupitang bayan, nanggugupit ako ng buhok. Tapos ay naging *part-time* ako sa isang organisasyong pang-alyansa. Ang unang ibinigay sa aking gawain ni Mariah ay taga-*news clip* ako. May isang buwan din akong nagbabasa ng napakaraming diyaryo at ginugupit ang mga artikulo na kailangan namin, at idinidikit ko pa. Minsan nga, talagang nakakatulugan ko na. Pagkatapos ng isang buwan, nag-*full time* na ako sa human rights organization na Katarungan na siyang unang kumupkop sa amin.

Naging bahagi na ako ng *underground organization* nang magsimula na akong gumanap ng mga gawain sa Katarungan. Madalas, ang ginagawa namin ay ang pagiging bahagi ng QRT o *quick response team*. Kapag may mga *fact finding mission*, sumasama ako. Kapag may mga insidente sa kanayunan, kami ang nagpupunta, nag-iimbestiga at tumutulong sa mga biktima. Sumasama rin ako sa mga *cultural performance*, sumasayaw at umaarte. Natural na yata talaga sa mga bakla ang makapal ang mukha.

Bago pa ako maging opisyal ng Katarungan, nagkaroon ng seremonya. Noong una, kakausapin daw ako. Naglapag sila ng bandila sa harapan ko. Tapo, nagkaroon ng medyo mahabang pag-aaral tungkol sa Partido. At nang huli, pinasumpa na ako sa bandilang pula, naging ganap na kasapi na ako ng Communist Party of the Philippines (CPP). Naiyak ako, naroon ang pakiramdam na ano ba ang gagawin ko sa loob ng Partido, walang pag-aalinlangan, mas naroroon ang pagpapalalim ng komitment sa kilusan.

Minsan, may mga *underground task* din ako. Inuutusan akong bumili ng mga supply, gadget, cellphone, pagkain, duyan, bag at iba pang kailangan ng mga kasamang NPA sa itaas. Ako rin ang nagdadala nito, ida-drop ko lang sa isang lugar, tapos, may kukuha na. May takot at kaba minsan, pero naiisip ko na mas maganda na ito kaysa mamatay nang walang kalaban-laban. Minsan nga, napakalaki ng bag na dala ko. Ang laman ay mga duyan, bag, shorts at gadgets. Sa *checkpoint* ay tinanong ako ng militar, ano raw ba ang dala ko. Sabi ko may kasal sa kabilang bayan, tapos ako ang magmemeyk-ap sa ikakasal. Bubuksan pa sana ni ate ang bag ko, pero sabi ko *gown* iyon at hindi puwedeng buksan at mahirap ibalik. Nakalusot naman ako.

Makailang ulit na rin akong sumampa sa kanayunan, hindi lang bilang pamangkin ni Kumander, kundi bilang kasama. Minsan ay binibisita ko rin si kuya bagaman *lie low* siya ngayon dahil sa pagpapakasal niya. Mas naging maganda na rin ang relasyon namin ngayon, wala na ang dáting tuksuhan. Nag-*remold* talaga siya. Seryoso na talaga siya, sa akin pa nga humihingi ng *advise* tungkol sa buhay at pagkilos. Madalas din ay kapag *anniversary* tuwing buwan ng Disyembre, umaakyat ako.

Ang pinakamatagal kong pananatili doon ay tatlong buwan. May takot pa rin lalo na't medyo matagal. Kapag bumibisita kasi ako, madali lang, at pakiramdam mo talaga ay *safe* ka dahil pinapatawag ka. Pero noong medyo nagtagal ako, talagang nakakapanibago. Simple lang ang buhay doon, hindi tulad nang nakasanayan natin dito sa ibaba. Nabubuhay ka doon kahit wala kang pera. Walang halaga ang pera doon. Kumakain ka ng kahit ano. Madaling araw pa lang, dapat gising ka na. Alas-kuwatro ng umaga, dapat naka-*pack* na ang mga gamit mo, tapos alas-singko, mag-eehersisyo. Magluluto at kakain, tapos babalik na naman sa *hall* para sa *educational discussions o* di kaya'y *military training*. Ang nakakatuwa kasi, maraming baklang kasama doon, mga baklang NPA. Nagbabahagi sila ng kanilang buhay at karanasan doon.

## Pananatili ng Pusong Bakla

Sa Katarungan, ako lang ang bakla. Hindi naman sagka ang aking piniling kasarian sa aking pagganap ng gawain. Tanggap naman nila ako, walang diskriminasyon na nagaganap. Bagaman may ilang mga paalala, tulad ng hindi pagtatabi ng bakla at lalaki, o lalaki at babae. Minsan, sinasabi rin sa akin na mag-iingat sa mga nakikilalang lalaki, may mga insidente na kasing bino-boyfriend ang isang aktibista tapos kinukuhanan na pala ng mga impormasyon, intel pala. Mayroon akong nagugustuhan, marami, pero bawal pa talaga ang mag-boyfriend, lalo na kung hindi mo pa talaga higit na kilala. Gayundin, hindi pa ako nagbababa ng programa, takot kasi ako sa

*rejection*. Kung ayaw, huwag na lang. Biro nga ng madreng kasama ko sa Katarungan, "Don't fall in love yet."

Sa ngayon ay wala pa sa isip ko ang bumalik sa pagsali sa mga pageant, ito ay dahil sa tingin ko, hindi pa ulit handa ang ganda ko para sa ganoong klaseng kompetisyon. Bagaman, sa huling papel na ginampanan ko sa isang pangkulturang pagtatanghal, beauty queen ako. Ang reyna ng masa.

## PAGLALAGOM

Mahigit apat na dekada na ang nakalilipas simula nang muling itatag ang Communist Party of the Philippines (CPP). Hindi maikakailang iba na ang panahon ngayon. May mga tanong tungkol sa pangangailangan ng mga pambansang kilusan ng iba't ibang sektor sa ating lipunan. Uso pa ba ang pakikibaka sa kasalukuyan? May pangangailangan pa ba upang maghimagsik, kumilos at magrebolusyon? Paano nga ba tuluyang makakamit ang tunay na kalayaan?

Ang pambansa-demokratikong rebolusyon ay isang larangan sa ating lipunan na patuloy na pinalalawak ng iba't ibang sektor sa ating lipunan, pangunahin na ang sektor ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, at kabataan. Nariyan din ang mga lihim na organisasyon sa ilalim ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) tulad ng ARMAS para sa mga artista at manggagawang pangkultura, ang KAGUMA para sa mga guro, mayroon din para sa mga relihiyosong tao, sa empleyado sa mga opisina ng gobyerno, ng mga etnolingguwistikong grupo, mga propesyonal, doktor, at iba pang manggagawa sa kalusugan, at iba pang grupo.

Sa loob ng mahigit apat na dekada mula nang muling itatag ang Communist Party of the Philippines (CPP) ay nasaksihan kung paanong unti-unting napansin ng Partido ang pagkilala sa seksuwalidad at kasarian bilang isa sa mahahalagang aspekto ng pagiging rebolusyonaryo. Ang kasiglahan ng pag-oorganisa ng kilusang kababaihan sa ilalim ng lihim na grupong MAKIBAKA ay manipestasyon ng kahalagahan ng pagbuo ng grupong pangkababaihan sa loob ng Partido. Sa kabila nito'y binibigyan pa rin ng diin ng Partido ang pangunahing nagbubuklod sa sektor ng kababaihan sa larangan ng rebolusyon, at ito ay ang paglaban sa imperyalismo, burukrata-kapitalismo, at piyudalismo. Ang mga babae ay hindi lamang pinagbubuklod ng kanilang pagkababae o ng diskriminasyon na kanilang nararanasan bilang mga babae, kundi ng kanilang nararanasang kawalan ng katarungan, kahirapan, at pagsasamantala bilang babaeng manggagawa, babaeng magsasaka o manggagawang bukid, babaeng api sa isang malakolonyal at malapiyudal na sistema ng ating lipunan.

Ang pag-akda ng dokumentong On Relation Between the Sexes (ORS) noong dekada ’70 at pagpapatupad nito noong 1983 ay isang hakbang para mapangalagaan ang karapatan ng mga babae sa loob ng kilusan bukod sa paglilinaw ng mga alituntunin ng Partido tungkol sa pakikipagrelasyon, pag-aasawa, at pakikipaghiwalay. Bukod dito’y nanguna rin ang Partido sa pagbuo ng mga alyansa at talakayang nakabatay sa isyu ng kalagayan at karapatan ng mga kababaihan.

Ayon kay Ka Salud, noon pa man ay may mga bakla nang miyembro ng kilusan bagaman marami sa kanila ay masasabing hindi lantad. Pero para kay Ka Lino, mayroon na ring mga kasamang baklang lantad noon na nasa pangkultura. Lantad man o hindi, hindi maitatangging ang pagkakaroon ng mga kaso ng *sexual opportunism* (SO) ay bunsod ng walang direktang pagkilala sa mga bakla sa kilusan, ang kawalan nila ng karapatang magpahayag ng pagkagusto sa mga kasamang lalaki ay nagreresulta sa mga aktong hindi kanais-nais.

Ang paglalabas ng rebisyon sa mga alituntunin sa panliligaw at pag-aasawa sa loob ng Partido ay maituturing na isang abanteng hakbang sa kilusan. Sa ating lipunan, laging sinasabing ang ating pagiging bansang Katoliko ay ang siyang dahilan kung bakit hindi magiging katanggap-tanggap ang pagpapakasal ng kapuwa kasarian. Maging ang pakikipagrelasyon at pakikipagtalik ay mariing kinokondena ng Simbahan. Kahit pa ang pagsasama ng dalawang taong pareho ang kasarian, bilang mag-asawa ay hindi kinikilala sa ating lipunan. Dahil sa karagdagang probisyon sa paglalapat ng mga alituntunin ng Partido sa mga relasyon sa kapuwa kasarian ay nagpapakita ng pantay na pagturing sa mga bakla at lesbiyanang kasama, sa mga kasamang may piniling kasarian.

Masasabing ang espasyo ng mga bakla sa rebolusyong Filipino ay tulad din ng espasyong taglay ng mga kasamang lalaki at babae, matanda at kabataan. Sa mga larangang kinikilusan ng mga rebolusyonaryong babae at lalaki, mula sa organisasyonal, politikal, at ideolohiko, sa pagpropropaganda, sa pagbibigay ng mga pag-aaral, sa pagbuo ng mga alyansa, pagsusulong ng mga kampanya, at paghuhukbo ay may espasyo ang mga bakla, may kalayaan silang kumilos at gumanap ng mga gawain sa espasyong ito.

Samantala, masasabing mayroong espasyong bakla sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Kung ang mga babae at lalaking rebolusyonaryo ay may karapatang magbaba at babaan ng programa ng panliligaw, magkaroon ng relasyon, at makapag-asawa, may pantay ding mga karapatan ang mga bakla. Bagaman may diskriminasyon pa ring nararanasan ang mga kasamang bakla, inaasahang ang mga baklang kasama na rin ang mangunguna sa pakikipagtunggali dito. Ang pagpapalawak na ito ng espasyong

bakla ay pangunahing tungkulin mismo ng mga kasamang bakla. Ang Partido ay lagi namang bukas sa pagkilala sa mga kontradiksyon sa loob nito, lagi itong bukas sa pakikipagtunggali. Ang pagtanggap at pagkilala sa mga kasamang bakla ay malinaw nang ipinahayag ng Partido, ngunit bago ito mapagtagumpayan, mahalagang kilalanin at tanggapin din mismo ng mga kasamang bakla ang kanilang tunay na pagkatao at tunay na seksuwalidad, ang kanilang pagiging bakla.

## PASASALAMAT

Naisakatuparan ang pananaliksik na ito sa tulong ng New PhD Grant ng University Research and Coordination Office (URCO) ng De La Salle University–Manila.

## SANGGUNIAN

Abinales, Patricio. Love, Sex, and the Filipino Communist or Hinggil sa Pagpipigil sa Panggigigil, Pasig City: Anvil Publishing, 2004. Print.

Alburo, Kaira Zoe. "Brothers, Lovers and Revolution: Negotiating Military, Masculinity and Homosexual Identity in a Revolutionary Movement in the Philippines." *Asia Pacific Social Science Review* 11.2 (2011): 27-42. Print.

Aquino, Clemen. "Pagbabahagi ng Kwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin." Gender Sensitive and Feminist Methodologies, Manila. 1999. Print.

Batayang Kurso ng Partido. Pambansang Kagawaran sa Organisasyon, Partido Komunista ng Pilipinas, Quezon City. 2000. Print.

Betsky, Aaron. *Queer Spaces: Architecture and Same-Sex Desire*. New York: William Morrow and Co. 1997. Print.

Guerrero, Amado. *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*. Manila. Aklat ng Bayan Publishing Inc. [reprint] 2009. Print.

Javier, Roberto Jr. Pangpamamaraang Kaangkinan ng Pakikipagkwentuhan." Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2005. Print.

*Kasama: A Collection of Photographs of New People's Army of the Philippines. International Concerns for the People's Struggles.* (ICPS) Southern Tagalog, 1987. Print.

Madula, Rowell D. *The National Guilder. Official Publication of the College Editors Guild of the Philippines* 73.1 (May 2005). Manila: MJC Publishing. Print.

Ofreneo, Rosalinda Pineda. *Tinig at Kapangyarihan: Mga Kwentong Buhay ng Kababaihang Manggagawa sa Bahay.* Quezon City: U of the Philippines P, 1999. Print.

*Pulang Mandirigma: Images of New People's Army*. Partido Komunista ng Pilipinas, 2004. Print.

Sison, Jose Maria, with Rainier Werning, *The Philippine Revolution: The Leader's View*. United States: Crane Russak, 1994. Print.

*The Philippines: Acceptance of Gays in the Military does not Mean Equality (Yet)*. Outright Action International. Web. <https://www.outrightinternational.org/print/content/philippines-acceptance-gays-military-does-not-mean-equality-yet>

## INTERBYU

Ka KC. Personal na Interbyu. 25-26 Hunyo 2013.

---. Personal na Interbyu. 4 Agosto 2014.

---. Email. 12 Setyembre 2014.

Ka Lino. Personal na Interbyu. 4 Marso 2012.

Ka Salud. Personal na Interbyu. 18 Pebrero 2012.

---

Si **Rowell D. Madula** <rmadula@gmail.com> ay nagtapos ng kursong BS Management Major in Legal Management sa Pamantasang Ateneo de Manila, MA Araling Pilipinas (may mataas na karangalan) at Ph.D. Araling Pilipinas (ginawaran ng Outstanding Dissertation) sa Pamantasang De La Salle. Naging Ingat-yaman ng Matanglawin, ang opisyal na magasing Filipino ng mga estudyante ng Ateneo. Dalawang beses naging pangkalahatang kalihim ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP). Naging ko-awtor ng mga librong *Ekonomiks sa Filipino* na inilathala ng IBON Foundation at ng librong *To write is to Choose: Ang Kasaysayan ng College Editors Guild of the Philippines 1931-1972*. Nagturo ng mga kurso sa Wika, Panitikan, at Kasaysayan sa Ateneo, Miriam College at Assumption College. Siya ay kasalukuyang Associate Professor at Pangalawang Tagapangulo ng Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle. Siya ang Tagapamahalang Editor ng MALAY, isang internasyunal na jornal sa Araling Pilipinas. Siya ang Tagapangulo ng Alliance of Concerned Teachers – Private Schools at isa mga convenors ng TANGGOL WIKA (Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino).